ANG BAYAN
PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO - LENINISMO - KAISIPANG MAO TSETUNG

Aklat III, Bilang 2 Marso 19, 1971

# ANG KOMUNA NG PARIS AY NAGBIBIGAY-SIGLA SA ATING PARTIDO

## MABUHAY ANG TAGUMPAY NG DIKTADURA NG PROLETARYADO

## PAGGUNITA SA SENTENARYO NG KOMUNA NG PARIS

I n i l a t h a l a n g
KOMITE SENTRAL NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
G i t n a n g L u s o n

# ANG KOMUNA NG PARIS AY NAGBIBIGAY-SIGLA SA ATING PARTIDO

Isang buong dantaon ang nakalipas na sapul noong Komuna ng Paris ng 1871. Nguait patuloy pang pinasisigla ng mga simulain at aral nito ang pandaigdigang kilusang rebolusyonaryo ng proletaryado. Ang landas ng sandatahang rebolusyon na binuksan nito ay siya pa ring tinatalunton ng mga proletaryong rebolusyonaryo ng bawat bayan. Tungkulin ng bawat rebolusyonaryong partido ng proletaryado na sumunod sa sulo na unang itinaas ng mga manggagawa ng Paris. Ang Partido Komunista ng Pilipinas na tapat sa rebolusyonaryong diwa ng Komuna ng Paris ay matatag na tumatahak sa landas ng sandatahang rebolusyon.

Tinukoy ni Marx sa Ang Digmaang Sibil sa Pransiya, ang di-kumukupas na tala at pagpapakahulugan ng Komuna ng Paris: "Ang Paris ng mga manggagawa at ang Komuna nito ay palagiang ipagbubunying maningning na tagapagpauna ng isang bagong lipunan. Ang mga martir nito ay nakaukit sa dakilang puso ng uring manggagawa. Ang mga berdugong pumaslang dito ay ipinako na ng kasaysayan sa haligi ng walang-hanggang kahihiyan; at anumang pagdarasal ng mga pari nila ay hindi rin makapagliligtas sa kanila."

Bago ito nadurog ng puwersang pangmilitar ng burgesiya, ipinakita ng Komuna ng Paris sa sangkatauhan na ang uring manggagawa ay may kakayahan hindi lamang ibagsak ang makinang pang-estado ng burgesiya kundi palitan ito ng bagong estado, ang estado ng uring manggagawa, isang diktadura laban sa mga mapagsamantalang uri at isang demokrasya para sa mga dating pinagsasamantalahang uri. Sa loob ng 72 araw, mula ng Marso 18 hanggang Mayo 28 ng 1871 ay ipinakita ng proletaryado ng Paris sa daigdig ang binhi ng isang bagong lipunan na nagkukusang sumulpot sa balangkas ng lumang lipunan.

Sa kauna-unahang pagkakataon, ang Marxismo bilang rebolusyonaryong teorya ng proletaryado ay nagkaroon ng di-mapag-aalinlanganang katibayan sa pangyayari ng Komuna ng Paris. Ang Komuna ng Paris ang unang dakilang yugto sa teorya at praktika ng proletaryong rebolusyon at ng diktadura ng proletaryado.

Sa kanyang pambungad sa Ang Digmaang Sibil sa Pransiya ay sinabi ni Engels, "Kamakailan lamang, ang mga sosyal-demokratikong pilisteyo ay muling inalihan ng kasiya-siyang pagkasindak sa salitang: Diktadura ng Proletaryado. Mabuti kung gayon, mga kaginoohan, alam ba ninyo kung anong hugis ang diktadurang ito? Tingnan ang Komuna ng Paris. Iyon ang Diktadura ng Proletaryado."

## I. Durugin ang Makinang Pang-estado ng Burgesiya

Batay sa rebolusyonaryong karanasan ng Komuna ng Paris, minabuti nina Marx at Engels na "iwasto" ang Manipestong Komunista sa pagdidiin sa kanilang paunang salita noong 1872 sa dakilang dokumentong ito: "Ang isang bagay na lalong napatunayan ng Komuna ay 'hindi magaring kunin na lamang ng uring manggagawa ang yari nang makinang pang-estado at gamitin ito para sa sarili nitong kapakanan' . . ." Minarapat nilang tukuying muli ang mga salitang ito mula sa Ang Digmaang Sibil sa Pransiya.

Ang Komuna ng Paris ay naitatag batay sa paglaban ng mga manggagawa sa pagtatangka ng burgesiyang alisan sila ng sandata. Sa halip na maalisan sila ng sandata ay pinalayas ng mga manggagawa ang burgesiya at iba pang kontra-rebolusyonaryo mula sa Paris tungong Versailles. Sa paggiit sa diktadura ng proletaryado ay pinalabas nilang unang batas: ang pagsugpo sa regular na hukbo ng burgesiya at ang pagpapalit nito ng mga nasasandatahang mamamayan. Sa pagtatanggol sa Komuna ng Paris, ang mga manggagawa ay gumamit ng sandata sa paulit-ulit na pagtataboy ng kontra-rebolusyon. Sa simula hanggang wakas, ang mga manggagawa ay hindi pumayag na bitiwan ang sandatang natanganan nila bunga ng kontradiksiyon at digmaan sa pagitan ni Louis Napoleon at ni Bismarck sa Digmaang Pranko-Prusso.

Ang nakamamatay na kahinaan ng Komuna ay ang hindi nito paglusob sa Versailles habang ang huli ay mahina pa at hindi pa organisado. Upang

magkaroon ng panahon sa paglaban sa mga taga-Komuna, ginamit ni Thiers ang kontra-rebolusyonaryong dalawahang taktika ng pagpapadala ng mga sandatahang destakamento laban sa Paris at pakunwaring paghingi ng negosasyon para sa kapayapaan sa tuwing nabibigo ang bawat kontra-rebolusyonaryong espedisyon. Sina Thiers at Bismarck na nagsabuwatan sa isang pandaigdig na pakana ng burgesiya laban sa proletaryado ay nakapaglunsad ng pagsalakay na gumapi sa Komuna ng Paris sa pamamagitan ng pagpaslang sa libulibong manggagawang martir.

Sa kanyang Estado at Rebolusyon ay ipinagdiinan ni Lenin ang pundamental na aral ng Komuna ng Paris na dapat wasakin ng proletaryado ang makinang burukratiko at pangmilitar ng burgesiya. Pinaunlad niya ang teorya at praktika ng proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado. Ang Rebolusyon ng Oktubre na pinamunuan niya, sa ubod nito, ay muling paglikha sa Komuna ng Paris, ang pagsira sa makinang pang-estado ng burgesiya at pagtatatag ng diktadura ng proletaryado, sa isang bago at mas mataas na yugto. Ang mga taksil sa Marxismo na nangibabaw sa loob ng Ikalawang Internasyonal at nangaral ng parlamentarismo ay lubos na nabigo sapagkat lumihis sila sa landas na binuksan ng Komuna ng Paris. Ang mga Bolsebiko lamang na humango ng mga prinsipiyo at aral mula sa Komuna ng Paris ang siyang nakapang-agaw ng kapangyarihan at nakapagpatatag nito sa pamumuno nina Lenin at Stalin.

Sa pagpapasulong niya sa sulo ng Komuna ng Paris ay itinuturo sa atin ng Tagapangulong Mao, "Ang kapangyarihang pampulitika ay nagmumula sa baril." Ito ang nasa ubod hindi lamang ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa pamumuno ng proletaryado sa Tsina kundi ng lahat ding rebolusyonaryong pakikitunggali na inilunsad ng proletaryado sa loob ng sandaang taong lumipas mula ng Komuna ng Paris. Wala ni isa mang kilusan o partido ng proletaryado ang nakapang-agaw ng kapangyarihang pampulitika nang hindi sumusunod sa simulain ng sandatahang rebolusyon. Sa kabilang dako, naging malungkot na karanasan ng proletaryado sa maraming bayan ang pagtataksil ng kanilang mga pinuno na nagpakanang alisan ng sandata ang mga partido komunista dahil sa kanilang duwag na pagnanasang maging mga opisyal sa reaksiyonaryong estado.

Sa Pilipinas ay sapat ang mga negatibong aral na ibinibigay ng oportunistang pamunuan ng mga Lava at Taruc. Nabigo ang mga Lava at Taruc dahil sa ibig nilang maging mga kagawad sa reaksiyonaryong kongreso sa isang pamahalaang papet noong katatapos lamang ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Maaaring labagin ng mga sandatahang reaksiyonaryo ang sarili nilang mga batas panghalalan, alisin sa tungkulin ang mga nahalal at gamitin ang baril upang supilin ang masa. Kahit maliwanag nang dapat ilunsad ang isang desididong digmaang bayan, ang mga Lava at Taruc ay walang matatag na layuning ipagpatuloy ang sandatahang pakikibaka. Noong 1948 nang napakaliwanag na ang kahilingan ng masa para sa sandatahang pakikibaka at hindi na ito maaaring iwasan ng mga oportunistang pinuno ng lumang partido ng pagsasanib, si Luis Taruc ay pinayagang makipagtawaran sa kaaway para sa isang amnestiya at si Jose Lava ay nagpadala sa reaksiyonaryong kongreso ng isang memorandum na nangangako ng katapatan sa reaksiyonaryong saligang batas at pamahalaan. Bagamat totoong ang simulain ng sandatahang rebolusyon ay waring ganap na tinanggap na ng pamunuang Lava-Taruc noong 1950, ang abenturistang linya ng mabilisang tagumpay na pangmilitar sa loob ng dalawang taon at lantay-militar na pananaw ay ipinalaganap at isinagawa upang sirain ang rebolusyonaryong kilusang pangmasa.

Ngayon, sa panunulsol ng mga makabagong rebisyonistang Sobyet, ang mga oportunistang pinuno ng lumang partido ng pagsasanib, ang mga dumungis sa Komuna ng Paris, ay nagsilabasang parang palaka mula sa kanilang tulog-uom na mahigit sa dalawampung taon upang sabotahehin at sirain ang rebolusyonaryong kilusang pangmasa sa pamamagitan ng paglalako ng parlamentarismong burges. Sinasalungat nila ang agos ng sandatahang rebolusyon at ang rebolusyonaryong tradisyon ng Komuna ng Paris na lalong pinayaman at pinalakas ng Rebolusyon ng Oktubre at ng rebolusyong Tsino. Tiyak na matutuklasan ng mga taksil na rebisyonistang Lava na sila'y inutil sa harap ng mga rebolusyonaryong proletaryo ngayon na pinasisigla ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung, ang pinakamakatotohanan at pinakamabisang paglalagom ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo sapul noong Komuna ng Paris.

Ang pangunahing panganib sa pandaigdigang kilusang rebolusyonaryo ng proletaryado ay ang makabagong rebisyonismo na pinauunlad ng sosyal-imperyalismong Sobyet. Nais ng mga taksil na rebisyonistang Sobyet na ipakita ang Komuna ng Paris bilang isang mapayapang pagkilos ng proletaryado. Tulad ng mga rebisyonistang nauna sa kanila sa Ikalawang Internasyonal, matutuklasan na lamang ng mga makabagong rebisyonista ang sarili na nakatambak sa basurahan ng kasaysayan sa kasalukuyang panahon. Dahil sa kanilang linya ng kontra-rebolusyonaryong karahasan laban sa mga Marxista-Leninista, laban sa proletaryado at laban sa mga mamamayan, mabilis silang nahihiwalay at ganap at maliwanag na nalalagay sa panig ng imperyalismong Amerikano.

## II. Magtatag ng Isang Partidong Marxista-Leninista

Itinuro sa atin ng Komuna ng Paris na upang mapamunuan ng proletaryado ang rebolusyon at maibagsak ang burgesiya, dapat magkaroon ng isang rebolusyonaryong partido ng proletaryado na matatag sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Niliwanag ng rebolusyonaryong praktika ng Komuna ng Paris ang pangangailangan ng isang sentral na organo ng pamumuno upang patnubayan ang masiglang kilusan ng rebolusyonaryong masa. Ang Pambansang Taliba, ang organisasyon ng sandatahang manggagawa, na siyang umagaw ng Paris mula sa burgesiya ay sumunod sa pamumuno ng isang Komite Sentral. Noong ika-26 ng Marso, ang Komuna ng Paris ay inihalal ng mga manggagawa bilang isang organong kumakatawan at namumuno sa kanila.

Bagamat ang Pandaigdigang Samahan ng mga Manggagawa (International Workingmen's Association), na si Marx ang nangungunang organisador at tagapagpakilos, ay siyang sinisi ng burgesiya na namuno sa pag-aalsa ng mga manggagawa, hindi ito ang pinakalaganap na impluwensiya sa hanay ng mga manggagawa; ang Marxismo ay hindi pa nauunawaan ng karamihan sa mga manggagawa. Ang Blanquismo at Proudhonismo ay siyang kinilalang patnubay ng mga pinuno ng Komuna ng Paris.

Datapuwat sa praktika ay pinatunayan ng Komuna ng Paris ang kamalian ng Blanquistang pangkat ng anarkismo at Proudhonistang pangkat ng sosyalismong petiburges, at ang katumpakan ng Marxismo. Labag sa mga anarkistang aral ni Blanqui ay hindi lamang sinira ng mga manggagawa ng Paris ang makinang pang-estado ng burgesiya kundi itinatag pa nila ang diktadura ng proletaryado; hindi iisandakot na intelektuwal lamang ang nagkamit ng rebolusyonaryong tagumpay kundi ang malawak na masa ng manggagawa sa kurso ng tunggalian ng mga uri. Itinakwil ng mga dekretong pang-ekonomiya ng Komuna ng Paris ang mga aral na pang-ekonomiya ni Proudhon at kinailangang harapin ng Komuna ang katotohanan ng malakihang industriya.

Si Lenin, na natuto sa karanasan ng Komuna ng Paris, ay walang-pagod na nagtayo ng Partidong Bolsebiko bilang partidong rebolusyonaryo ng proletaryado na nasasandatahan ng Marxismo. Ang partidong ito ang naging pinakasulong na destakamento ng uring manggagawa. Ito ang naging pamunuang pampulitika at pangkalahatang estado mayor ng proletaryado sa rebolusyong naglayong patatagin ang diktadura ng proletaryado. Bilang isang organisadong partido ng proletaryado, isinulong ng mga Bolsebiko ang sulo ng Komuna ng Paris. Sinalungat nila ang pagtataksil ng Ikalawang Internasyonal at patuloy na pinatunayan ang katumpakan ng proletaryong rebolusyonaryong linya ng pagpapabagsak sa burgesiya sa pamamagitan ng sandatahang lakas at sa pamamagitan ng pagtatatag ng diktadura ng proletaryado.

Sa rebolusyong Tsino, si Kasamang Mao Tsetung ay nagtatag ng isang napakadisiplinadong partido na nasasandatahan ng teorya ng Marxismo-Leninismo, gumagamit ng pagpupuna at nakaugnay sa malawak na masa ng mga mamamayan. Ito ang ubod ng pamunuan ng buong sambayanang Tsino. Ito ang namuno sa hukbong bayan at sa nagkakaisang prente ng mga rebolusyonaryong uri at mga rebolusyonaryong grupo.

Sa pagsunod sa proletaryong rebolusyonaryong linya ng Tagapangulong Mao ay lalong pinalawak ng Partido Komunista ng Tsina ang landas ng sandatahang rebolusyon sa pamamagitan ng pagtataguyod at pagsasagawa ng teorya ng paglulunsad ng digmaang bayan at pagtatatag ng Pulang kapangyarihang pampulitika sa kanayunan bago agawin ang mga lunsod. Sa pagmana, pagtatanggol at pagpapaunlad ng Marxismo-Leninismo sa isang bago at higit na

mataas na yugtong ang imperyalismo ay tumutungo sa ganap na pagbagsak at ang sosyalismo ay sumusulong sa pandaigdigang tagumpay, iginiit ni Kasamang Mao Tsetung ang landas ng sandatahang rebolusyon bilang tanging landas para sa pagpapalaya ng lahat ng aping mamamayan at tinuklas ang teorya ng pagpapatuloy ng rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado at personal na pinamunuan ang Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura upang pigilin ang pagpapanumbalik ng kapitalismo at patatagin ang diktadura ng proletaryado sa lipunang sosyalista.

Ang Partido Komunista ng Pilipinas na natuto sa karanasan ng Komuna ng Paris at sa lahat ng rebolusyonaryong kilusang kasunod nito ay muling itinatag sa ilalim ng kataas-taasang pamamatnubay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung, tumatahak sa landas ng sandatahang rebolusyon at nagsusumikap na magbuo ng isang hukbong bayan, ang Bagong Hukbong Bayan, upang ipagtanggol ang malawak na masa ng sambayanan at sikaping gapiin ang mga kontra-rebolusyonaryong puwersa ng imperyalismong Amerikano, piyudalismo at burukratang kapitalismo. Ang Partido Komunista ng Pilipinas na humango ng malaking aral sa karanasang natamo sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig at pagkatapos nito ay natuto na ang pamumuno at ang pagtatatag ng isang hukbong bayan ay tunay na pagtahak sa landas ng pag-agaw ng kapangyarihan. Ang magsalong ng sandata sa pakiusap ng imperyalismong Amerikano at mga katutubong reaksiyonaryo at maghangad na manungkulan sa papet na reaksiyonaryong pamahalaan ay pagtataksil sa rebolusyon.

Dapat itaguyod ng Partido Komunista ng Pilipinas ang Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung sa teorya at praktika at itakwil ang lahat ng rebisyonista at oportunistang tunguhin. Dapat itong maglunsad ng isang digmaang bayan alinsunod sa estratehikong linya ng Tagapangulong Mao sa pagkubkob ng mga lunsod mula sa kanayunan. Dapat nitong paunlarin ang isang nagkakaisang prente batay sa alyansa ng mga manggagawa at magsasaka at pinamumunuan ng proletaryado upang ihiwalay ang mga pusakal na kaaway. Ganap na kinakailangang hawakan ng isang tunay na Marxista-Leninistang partido ang malalakas na sandata ng sandatahang pakikibaka at nagkakaisang prente.

Ang Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung ay lumitaw na kataas-taasang patnubay para sa lahat ng proletaryong rebolusyonaryong partido. Sa loob ng isandaang taong lumipas mula noong Komuna ng Paris, ang pandaigdigang proletaryado ay nakalikha ng isang masaklaw na ideolohiya upang wasakin ang kontra-rebolusyonaryong estado at upang itatag at patatagin ang proletaryong diktadura, tiyakin ang pagsulong ng sosyalismo, wasakin ang imperyalismo at makabagong rebisyonismo sa pandaigdigang saklaw at tiyakin ang pagsasakatuparan ng komunismo sa hinaharap.

## III. Magtiwala sa Rebolusyonaryong Masa

Binigyan ng tanging pansin ni Lenin na noong taglagas ng 1870, ilang buwan bago ang Komuna, si Marx ay nagbabala sa mga manggagawa ng Paris na ang anumang pagtatangkang ibagsak ang pamahalaan ay maituturing na kahangalan ng kawalang-pag-asa. Nguni't pagsapit ng Marso 1871, nang ang rebolusyonaryong manggagawa ng Paris ay nag-alsa laban sa burgesiya at nilikha nila ang Komuna, ipinakita ni Marx ang halimbawa ng isang tunay na rebolusyonaryong pensador at pinuno nang tanggapin niya ang Komuna ng Paris at ipinalagay na kalahok ang sarili. Pinarangalan din niya ang rebolusyonaryong kasiglahan at pagkukusa ng mga manggagawa at masugid na pinag-aralan ang malaking kahalagahan ng kanilang kilusan.

Tunay na ang masa ang tagapaglikha ng kasaysayan. Ang mga lider ay maaari lamang gumawa ng paglalagom at humango ng mga bagong tungkulin batay sa rebolusyonaryong kilusang pangmasa. Ang tunay na pamunuan ay hindi maitatatag at hindi makakikilos nang wasto kung hindi magtitiwala sa masa at hindi matututo sa kanila. "Mula sa masa, tungo sa masa"--ito ang tumpak na islogang dapat sundin ng rebolusyonaryong partido ng proletaryado at ng mga kadre nito.

Ipinakita ng Komuna ng Paris ang walang-hanggang kakayahan ng rebolusyonaryong masa sa paglikha ng mga bagong bagay matapos nilang sirain ang

makinang pang-estado ng burgesiya sa pamamagitan ng sarili hilang sandatahang lakas. Lumikha sila ng bagong pamahalaan batay sa tunay na demokratikong paggamit ng unibersal na karapatan sa paghalal sa hanay ng mga manggagawa. Nagtayo sila mula sa sariling hanay ng pamunuang masigasig na gumagawa at tumatanggap ng sahod na katumbas ng sa manggagawa at walang panggastos sa pangangatawan. Iwinaksi ng ganitong pamunuan ang paghihiwalay ng mga tungkuling pampangasiwaan at pambatasan. Ito ay lubos na salungat sa parlamento, isang tsismisan ng burgesiya at ng uring panginoong maylupa. Sinumang pinuno ay maaaring alisin ng mga mamamayan. Taglay ng Komuna ng Paris ang mga katangian ng isang tunay na demokrasya at gayundin ang pagiging makauring diktadura laban sa mga mapagsamantalang uri.

Napakalaki ng nagawa ng mga manggagawa ng Paris hirap na hirap man sila sa larangang pampulitika at pangkabuhayan sa isang bayang talo sa pakikidigma at sa isang lunsod na kinukubkob hindi lamang ng mga butangero ni Thiers kundi pati ng mga tropa ni Bismarck. Gaano pa kaya ang kanilang kakayahan kung ang kanilang partido na mulat sa uri ay puspusang natuto ng Marxismo? Gaano pa kaya ang kanilang kakayahan kung hindi sila hinadlangan sa pakikipagsanib sa masang magsasaka sa mga lalawigan ng Pransiya? Natanaw-tanaw na ng Komuna ng Paris ang isang pambansang sistema ng mga komunang bayan na may pambansang delegasyon sa Paris.

Ang tumpak na pananaw sa pagpapahalaga sa sandatahang pakikibakang nanatili sa Pilipinas pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay ang pagpaparangal sa rebolusyonaryong masa at paghango ng mga aral mula sa kanilang karanasan. Sa gayon, hindi maiiwasang punahin nang walang-awa ang sunud-sunod na pamunuang Lava na sumabotahe at nagligaw sa kanilang kilusan. Bilang parangal sa rebolusyonaryong masa, maaari pa nating sabihing ang kanilang sandatahang pakikibaka pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay pangkalahatang pagsasanay para sa darating pang pag-agaw ng kapangyarihan sa ating bayan.

Pagkatapos ng anti-pasistang pagtatanggol laban sa Hapon, ang mga taksil na rebisyonistang Lava ay nagpakita ng lubos na paghamak at kawalan ng tiwala sa malawak na masa ng sambayanan. Tinulungan nila ang imperyalismong Amerikano at ang mga panginoong maylupa na alisan ng sandata ang mga mamamayan pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Iginiit nila na ang mga mamamayan ay sawa na sa digmaan. Kahit ngayon ay dinidiktahan pa rin si Jesus Lava ng kanyang mga among imperyalista at reaksiyonaryo sa pagtatatalak na iyong mga Pulang mandirigma sa Hukbalahap na ibig magpatuloy sa pakikipaglaban ay pinakikilos lamang ng diwang makasarili at maliwanag na walang-kakayahang magilunsad ng digmaang bayan. Ibig pa niyang bigyang-katuwiran ang kanyang nakalipas na pakanang maging isang kongresista sa kapinsalaan ng rebolusyonaryong masa.

Sa kasalukuyang sigwa ng rebolusyonaryong kilusang pangmasa sa lunsod at sa kanayunan ay minamabuti pa ng isandakot na mga taong nangangayupapa sa pagsunod sa kanilang mga makabagong rebisyonistang among Sobyet na siraan ang malawak na masa ng mga mamamayan sa halip na purihin man lamang sila. Tinutuligsa ng mga taksil na rebisyonistang Lava ang rebolusyonaryong kilusang pangmasa bilang isang maliit na bahagi lamang ng isang pakana ng C.I.A. na "ibagsak" ang kanilang kaalyadong papet na si Marcos. Ginagawa nila ang lahat upang manuyo sa imperyalismong Amerikano at mga katutubong reaksiyonaryo.

Sa pandaigdigang rebolusyong proletaryo ngayon, ang Republikang Bayan ng Tsina ay nakatayong pinakamalakas na muog ng sosyalismo at ng pakikibakang anti-imperyalista dahil sa nasa kamay na ng ilandaang milyong mamamayang Tsino ang pamamahala sa mga suliraning pang-estado at ibinagsak na nila ang mga tumatahak sa landas ng kapitalismo na pinangungunahan ng taksil, nakatagong traydor at eskirol na si Liu Shao-chi at ganap na binabago nila ang kanilang kaisipan. Bago rito'y hindi pa nakasaksi ang sangkatauhan ng isang demokrasyang kasinlawak ng sa Tsina sa Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura. Ang malawak na demokrasyang ito, isang rebolusyon sa ilalim ng diktadurang proletaryo at binigyang-buhay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung, ay lalong nagpatatag sa diktadurang proletaryo, pumigil sa pagpapanumbalik ng kapitalismo at tumiyak sa ganap na pagbagsak ng imperyalismong Amerikano at sa pandaigdigang tagumpay ng sosyalismo sa kasalukuyang panahon.

Sa pampasigla ng dakilang diwa ng Komuna ng Paris at ng simulain ng proletaryong internasyonalismo, ang rebolusyonaryong proletaryado ng daigdig at ang lahat ng Marxista-Leninistang partido nito ay nagsusumikap na pakilusin ang malawak na masa ng mga mamamayan laban sa imperyalismong Amerikano, makabagong rebisyonismo at lahat ng reaksiyon. Ang mga rebolusyonaryong pakikibaka tulad ng sa mga mamamayan ng Biyetnam, Kambodya, Laos, Malaya, Indonesya, Taylandiya, Palestina, Burma at iba pa sa kanayunan ng daigdig ay dapat tumulong sa proletaryado sa mga bayang imperyalista. Ang mga rebolusyonaryong pakikitunggali ng proletaryado sa mga bayang imperyalista ay dapat ding tumulong sa lahat ng mamamayang api. Ang proletaryado at mga mamamayang nakalaya na sa imperyalismo ay dapat ding tumulong sa lahat ng mamamayang api na nakikibaka pa para sa kanilang kalayaan.

Mga manggagawa ng lahat ng bayan, magkaisa!

Mga manggagawa at mga mamamayang api ng buong daigdig, magkaisa!

Mga mamamayan ng daigdig, magkaisa at gapiin ang mga mananalakay na Amerikano at lahat ng alipuris nila!

Mabuhay ang proletaryong internasyonalismo!

Mabuhay ang proletaryong rebolusyon at ang proletaryong diktadura!

Mabuhay ang Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung!

Mabuhay ang demokratikong rebolusyon ng bayan!

Mabuhay ang rebolusyonaryong diwa ng Komuna ng Paris!

Ika-18 ng Marso, 1971

* * *

MABUHAY ANG TAGUMPAY NG DIKTADURA NG PROLETARYADO
PAGGUNITA SA SENTENARYO NG KOMUNA NG PARIS

Patnugutan ng Diyaryo ng mga Mamamayan,
Magasin Pulang Watawat at Diyaryo ng Hukbong Mapagpalaya

## 1. Mananatili Magpakailanman ang mga Simulain ng Komuna ng Paris

Ang Marso 18 ng taong ito ay araw ng paggunita sa sentenaryo ng Komuna ng Paris. Taglay ang mataos na proletaryong internasyonalistang damdamin, ang mga Komunista ng Tsina at ang mga mamamayan ng buong bayan na tinuruan ng dakilang lider Tagapangulong Mao, kasama ang proletaryado at mga rebolusyonaryong mamamayan ng buong daigdig, ay masiglang nagdiriwang sa dakilang kapistahang ito ng proletaryado.

Noong may isandaang taon na ang nakalilipas, ang proletaryado at ang malawak na masa ng mga mamamayan ng Paris, Pransiya ay nagbunsod ng magiting na sandatahang pagbabangon at itinatag nila ang Komuna ng Paris. Ito ay kauna-unahang kapangyarihang pampulitika ng proletaryado na gumitaw sa kasaysayan ng sangkatauhan at kauna-unahang dakilang pagsubok ng proletaryado sa pagpapabagsak sa burgesiya at pagtatayo ng diktadura ng proletaryado.

Pinawalang-saysay ng Komuna ng Paris ang hukbo at pulisya ng reaksiyonaryong pamahalaan ng burgesiya. Hinalinhan ang mga ito ng mga nasasandatahang mamamayan at napasakamay ng uring manggagawa ang mga baril. Sinira ng Komuna ng Paris ang burukratikong organo ng burgesiya na nambubusabos sa mga mamamayan, itinatag ang sariling pamahalaan ng uring manggagawa, ginawa ang isang seryeng patakaran sa pangangalaga sa mga kapakanan ng mga anak-pawis, at inorganisa ang masa ng mga mamamayan sa masiglang paglahok sa pamamahala ng estado.

Sa kurso ng pakikibaka sa pagtatayo at pagtatanggol ng kapangyarihang pampulitika ng proletaryado, ang mga bayani ng Komuna ng Paris ay nagpakita ng di-pangkaraniwang rebolusyonaryong inisyatibo, ng abot-langit na rebolusyonaryong kasiglahan at kabayanihan ng pagpapakasakit sa sarili. Kaya iginagalang sila ng mga rebolusyonaryong mamamayan sa sumunod na mga henerasyon.

Bagama't nabigo na ang Komuna ng Paris bunga ng pagsalakay na pangmilitar at madugong panunugpo na ibinunsod ng berdugong si Thiers sa pakikipagsabuwatan kay Bismarck, ang mga makasaysayang ambag nito naman ay hindi mapapawi. Tulad ng tinukoy ni Marx: "Ang magiting na kilusan ng Marso 18 ay bukang-liwayway ng dakilang rebolusyong panlipunan na siyang palagiang magpapalaya sa sangkatauhan buhat sa lipunan ng mga uri." Nang ang usok ng labanan ay hindi pa napapawi at ang pakikibaka ay pinagpapatuloy pa sa Paris ay tinukoy na ni Marx na, "Kahit naigupo na ang Komuna, ang pakikitunggali ay maipagpapaliban lamang. Ang mga simulain ng Komuna ay mananatili magpakailanman at hindi mapapawi. Paulit-ulit na ipakikita ng mga simulaing ito ang kanilang sarili hanggang sa makamit ng uring manggagawa ang pagpapalaya."

Ano ang mga rebolusyonaryong simulaing nilagom ng mga dakilang guro ng proletaryado na sina Marx at Engels batay sa pagsasagawa ng Komuna ng Paris? Sa kalahatan, hindi maaaring simpleng mapasakamay ng uring manggagawa ang yari nang makinang pang-estado at gamitin ito upang matamo ang mga layunin nito. Dapat gamitin ng proletaryado ang rebolusyonaryong karahasan sa pagwasak at pagdurog sa lumang makinang pang-estado at itayo ang diktadura ng proletaryado. Sa pagpapaliwanag sa simulaing ito ay binigyan-diin ni Marx na ang pangunang kondisyon ng diktadura ng proletaryado ay ang hukbo ng proletaryado. Dapat sikapin ng uring manggagawa na makamit ang karapatan sa pagpapalaya nito sa larangan ng digmaan. Sa pag-asa lamang sa rebolusyonaryong sandatahang lakas saka maibabagsak ng proletaryado ang paghahari ng mga reaksiyonaryong uri at nang matupad ang lahat ng kanilang makasaysayang tungkulin. Tinukoy pa ni Marx na ang estado ng diktadura ng proletaryado ay hindi dapat maging tipong

parlamentaryo kundi dapat maging organong kapuwa namamahala sa gawaing pampangasiwaan at pambatasan.

Tulad ng tinukoy ni Lenin, ang isang higit na namumukod at pinakamahalagang kaisipan ng Marxismo tungkol sa suliranin ng estado ay ang kaisipan ng diktadura ng proletaryado. Tulad ng sinabi nina Marx at Engels pagkaraan ng Komuna ng Paris: "Ang paggiit sa paggamit ng rebolusyonaryong karahasan sa pagdurog sa makinang pang-estado ng burgesiya at pagtatayo ng diktadura ng proletaryado o ang pangangalaga sa makinang pang-estado ng burgesiya at paglaban sa diktadura ng proletaryado." Ito ang tesis ng paulit-ulit na tunggalian sa pagitan ng Marxismo sa isang panig at ng rebisyonismo, repormismo, anarkismo at lahat ng uring kaisipang burges at petiburges sa kabilang panig at tesis ng paulit-ulit na tunggalian sa pagitan ng dalawang linya sa pandaigdigang kilusang komunista sa nakaraang isandaang taon. Sa saligang suliranin ngang ito ng diktadura ng proletaryado, ang rebisyonismo buhat sa rebisyonismo ng Ikalawang Internasyonal hanggang sa makabagong rebisyonismo, na ang sentro nito ay ang taksil na pangkat ng rebisyonismong Sobyet, ay ganap na nagtaksil sa Marxismo.

Ang isandaang taong kasaysayan ay lubos na nagpatunay na ang teorya ng Marxismo tungkol sa proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado ay hindi magagapi. Apatnapu't anim na taon pagkaraan ng pagbabangon ng Komuna ng Paris, sa ilalim ng pamumuno ng dakilang Lenin, ang proletaryado ng Rusya ay nagkamit ng tagumpay sa rebolusyong sosyalista ng Oktubre sa pamamagitan ng sandatahang pagbabangon at nagbukas ng isang bagong panahon ng proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado ng daigdig. Tinukoy ni Lenin na "sa landas ng pagwasak sa lumang makinang pang-estado, ang Komuna ng Paris ay tumahak ng pandaigdigang makasaysayang unang hakbang at ang pangasiwaang Sobyet ay tumahak ng ikalawang hakbang. Pitumpu't walong taon pagkaraan ng pagbabangon ng Komuna ng Paris, sa ilalim ng pamumuno ng dakilang lider Tagapangulong Mao, ang mga mamamayan ng Tsina ay nagkamit ng tagumpay sa rebolusyon. Binuksan ng Tagapangulong Mao ang landas ng pagtatayo ng mga base sa kanayunan, pagkubkob sa mga lunsod buhat sa mga nayon at pag-agaw sa mga lunsod sa wakas. Pinamunuan niya ang mga mamamayan ng Tsina sa pamamagitan ng mahabang panahong rebolusyonaryong digmaan sa pagpapabagsak sa reaksiyonaryong paghahari ng imperyalismo, piyudalismo at burukratang kapitalismo; sa pagwasak sa lumang makinang pang-estado; at sa pagtupad ng demokratikong diktadura ng mga mamamayan sa Tsina, alalaong baga'y ang diktadura ng proletaryado. Pagkatapos ay pinamunuan na naman ng Tagapangulong Mao ang mga mamamayan ng Tsina sa pagpapatuloy ng rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado at sa matagumpay na pagsulong sa malawak na landas ng sosyalismo.

Sa walang-humpay na pagsulong, magiting na pakikitunggali at pagkakatigan at pagpapasigla sa isa't isa sa nakaraang isang siglo, ang proletaryado, mga mamamayan at bansang api ng buong daigdig ay patuloy na nagpapasulong sa rebolusyong sosyalista at pambansang demokratikong rebolusyon at nagkamit ng mga napakaningning na tagumpay. Tulad ng tinukoy ni Kasamang Mao Tsetung, ngayon ay panahong pangkasaysayan kung saan ang pandaigdig na kapitalismo at imperyalismo ay tumutungo sa pagkalipol at ang pandaigdig na sosyalismo at demokrasya ng mga mamamayan ay sumusulong sa tagumpay. Ang usapin ng Komuna ng Paris ay malawakang umunlad sa isang lalong mataas na yugto sa ilalim ng mga bagong kondisyong pangkasaysayan. Ang anyo ng buong daigdig ay nagkaroon ng makayanig-daigdig na pagbabago.

Sa paggunita sa ikasampung anibersaryo ng Komuna ng Paris, lipos ng rebolusyonaryong damdamin at kasiglahan, ay tinukoy nina Marx at Engels sa uring manggagawa ng Europa na, "Ang Komunang ipinalalagay ng mga nasa poder sa lumang daigdig na ganap na nalipol na ay lalong malilipos ngayon ng sigla kaysa alinmang panahon sa nakaraan. Kaya maaari kaming makisabay sa inyo sa pagbubunyi ng 'Mabuhay ang Komuna!'". Ngayon, ang rebolusyonaryong sulong itinaas ng Komuna ng Paris ay maalab na nagliliyab sa buong daigdig. Mabibilang na ang mga araw ng imperyalismo, sosyal-

imperyalismo at mga reaksiyonaryo ng lahat ng bayan. Sa ganitong sandaling ginugunita ang sentenaryo ng Komuna ng Paris, ang mga Marxista-Leninista, ang proletaryado at ang mga rebolusyonaryong mamamayan ng buong daigdig ay lalong maaaring buong pananalig na magbunyi ng "Mabuhay ang Komuna!", "Mabuhay ang tagumpay ng proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado!".

Sa paggunita sa Komuna ng Paris ay dapat nating pag-aralan ang teorya ng Marxismo-Leninismo tungkol sa proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado, humango ng karanasan ng kasaysayan, punahin ang makabagong rebisyonismo na ang sentro nito ay ang taksil na pangkat ng rebisyonismong Sobyet, igiit ang rebolusyonaryong linya ng Marxismo-Leninismo at makipagkaisa sa mga mamamayan ng buong daigdig upang makamit ang lalo pang malalaking tagumpay.

2. Napakahalaga para sa mga Rebolusyonaryong Mamamayan na Humawak ng Baril.

Ang karanasang pangkasaysayan ng Komuna ng Paris ay lubos na nagpapatunay sa labis na kahalagahan ng paghawak ng rebolusyonaryong sandatahang lakas para sa proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado. Sa pagpapaliwanag sa karanasan ng Komuna ng Paris ay sinipi ni Lenin ang isang mahalagang tesis ni Engels na "Ang mga manggagawa ay laging nasasandatahan pagkaraan ng bawa't rebolusyon ng Pransiya. Kaya ang unang kredo ng mga burges na may hawak ng kapangyarihan ng estado ay alisan ng mga sandata ang mga manggagawa." Ipinalagay ni Lenin na ang paglalagom na ito ni Engels ay tamang-tamang sumapol sa esensiya ng suliranin na siya ring esensiya ng suliranin ng estado.

Nasasandatahan ba o hindi ang uring api? Ang Komuna ng Paris ay isinilang sa gitna ng masidhing labanan sa pagitan ng sandatahang rebolusyon at sandatahang kontra-rebolusyon. Ang pitumpu't dalawang araw ng Komuna ng Paris ay pitumpu't dalawang araw ng sandatahang pagbabangon, sandatahang pakikitunggali at sandatahang pagtatanggol sa sarili. Ang kinatatakutan sa lahat ng mga reaksiyonaryong burges ay ang paghawak nga ng baril ng proletaryado ng Paris at ang isang nakamamatay na pagkakamali ng Komuna ng Paris ay ang labis na kaluwagan nga sa kontra-rebolusyon at hindi pagmamartsa kaagad tungo sa Versailles; kaya nagbigay kay Thiers ng pagkakataong makapagpahinga at dahil dito ay nakapagtipon siya muli ng mga reaksiyonaryong tropa sa pagbubunsod ng mabangis na ganting-salakay sa rebolusyonaryong Paris. Tulad ng tinukoy ni Engels: "Kung hindi aasa ang Komuna ng Paris sa awtoridad na ito ng mga nasasandatahang mamamayan sa pagharap sa burgesiya, maaari ba itong tumagal nang mahigit sa isang araw? Sa kabilang dako, wala ba tayong katuwirang sisihin ang Komuna na kaunting-kaunti ang paggamit sa awtoridad na ito?"

Sa pamamagitan ng simpleng salita ay nilagom ni Kasamang Mao Tse-tung ang mahalagang katuturan ng sandatahang pakikitunggali at ng hukbong bayan, at iniharap niya ang bantog na tesis: "Ang kapangyarihang pampulitika ay nagmumula sa baril." Tinukoy niya na alinsunod sa teorya ng Marxismo tungkol sa estado, ang hukbo ay pangunahing bahagi ng kapangyarihan ng estado. Ang sinumang naghahangad umagaw at magpanatili ng kapangyarihan ng estado ay kailangang magkaroon ng isang malakas na hukbo.

Ang marahas na rebolusyon ay pandaigdig na simulain ng proletaryong rebolusyon. Dapat igiit ng mga Marxista-Leninistang partido ang pandaigdig na simulaing ito at gamitin ito sa partikular na pagsasagawa ng kanilang sariling bayan. Pinatunayan ng karanasang pangkasaysayan na ang pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika ng proletaryado at mga mamamayang api, at ang pagkakamit ng tagumpay ng kanilang rebolusyon ay walang-salang natupad sa pamamagitan ng baril. Ang mga ito ay natupad sa ilalim ng pamumuno ng proletaryong partido alinsunod sa mga partikular na kondisyon ng kanilang sariling bayan at sa pagdasyon ng malawakang pagpapakilos sa masa upang makitunggali; sa pamamagitan ng unti-unting pagtatayo ng sandatahang lakas ng mga mamamayan, pagbubunsod ng digmaang bayan at paulit-ulit na pakikitunggali laban sa imperyalismo at mga reaksiyonaryo. Ganito ang rebolusyon ng Rusya; ganito ang rebolusyon ng Tsina; at ganito rin ang rebolusyon ng Albanya, Biyetnam, Korea at iba pang bayan; at walang eksepsiyon.

Manapa'y nakatagpo ng mga balakid sa rebolusyon ang isang proletaryong partido dahil sa hindi itinatag o itinakwil nito ang rebolusyonaryong sandatahang lakas; at may mga malubhang aral dito. May mga partidong sapagka't hindi humawak ng baril ay walang magawa ni munti man sa harap ng biglang pagsalakay at kontra-rebolusyonaryong panunugpo ng imperyalismo at mga alipuris nito; at bunga nito ay napugutan ng mga ulo ang milyun-milyong rebolusyonaryong mamamayan. Sa ilalim ng kalagayang humawak na ng mga sandata ang mga rebolusyonaryong mamamayan at nagkaroon na ng malaki-laking pag-unlad ang sandatahang lakas ng mga mamamayan ay isinuko ng ilang partido ang sandatahang lakas ng mga mamamayan at lubusang itinakwil ang mga bunga ng rebolusyon sapagka't nais nilang maging opisyal sa pamahalaang burges o nalinlang ng mga reaksiyonaryo.

Sa nakalipas na isandaang taon, maraming partido komunista ang lumahok sa mga halalan at parlamento nguni't walang isa mang partido ang nakapagtayo ng diktadura ng proletaryado sa pamamagitan ng ganitong paraan. Kahit na nakamit ng partido komunista ang mayorya sa parlamento at kahit na lumahok ito sa pamahalaan ay hindi rin nangangahulugang binago na ang kalikasang burges ng kapangyarihang pampulitika at lalong hindi nangangahulugang winasak na ang lumang makinang pang-estado. Maaaring ipatalastas ng mga reaksiyonaryong naghaharing uri na walang bisa ang halalan, lansagin ang parlamento o tuwirang gamitin ang karahasan upang patalsikin ang partido komunista. Kung hindi magpapairal ang proletaryong partido ng gawaing pangmasa at hindi magbubunsod ng sandatahang pakikitunggali kundi mahahaling sa mga halalan ng parlamento ay mapamamanhid lamang nito ang masa at mapasasama ang sarili. Binili ng burgesiya ang partido komunista sa pamamagitan ng mga halalan ng parlamento upang ito ay maging partidong rebisyonista at partido ng burgesiya. Kaunti pa ba ang ganitong katotohanan sa kasaysayan?

Dapat gamitin ng proletaryado ang baril upang agawin ang kapangyarihang pampulitika at dapat ding gamitin ang baril upang ipagtanggol ito. Ang hukbong bayan na pinamumunuan ng Marxista-Leninistang partido ay makapangyarihang haligi ng diktadura ng proletaryado at isang pangunahing elemento sa mga elementong pumipigil sa pagpapanumbalik ng kapitalismo. Kapag may hukbong bayan na nasasandatahan ng kaisipan ng Marxismo-Leninismo ay maaaring harapin ang anumang masalimuot na kalagayang gigitaw sa tunggalian ng mga uri sa loob at labas ng bayan at maipagtanggol ang estado ng proletaryado.

Ang kilusan sa pagpapalaya ng mga bansang api sa kasalukuyang panahon ay isang mahalagang bahagi at dakilang kaalyado ng proletaryong rebolusyong pandaigdig. Ang pambansang demokratikong rebolusyon at ang rebolusyong sosyalista ay may kaugnayan nguni't may kaibhan din. Ito'y dalawang rebolusyon sa di-parehong yugto at may di-parehong kalikasan. Nguni't kung nais makamit ang ganap na tagumpay sa pambansang demokratikong rebolusyon ay dapat ding maghanda sa pagbubunsod ng sandatahang pakikipagsukatan ng lakas sa mga imperyalista at mga reaksiyonaryo.

Para sa mga bansang api, ang paghawak ng baril ay mayroon ding napakahalagang katuturan. Sapul nang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang imperyalismo, kolonyalismo at neo-kolonyalismo na pinangungunahan ng Estados Unidos ay walang-tigil na nagbubunsod ng mga digmaang pananalakay at lalong malimit na gumagamit ng mga paraang tulad ng pakikialam na pangmilitar, sandatahang subersiyon at pag-oorganisa ng mga tropang mersenaryo sa pananalakay upang sugpuin ang mga bayan at mamamayang nagsisikap sa pagkakamit ng kasarinlan o nagkamit na ng kasarinlan. Ayon sa di-lubos na estadistika sa nakaraang dalawampu't limang taon, umabot na sa mahigit na limampung okasyon ang sandatahang pakikialam at sandatahang pananalakay na pinakana at ibinunsod ng imperyalismong Amerikano. Tungkol naman sa mga sandatahang subersiyon na pinakana ng Estados Unidos, ito ay lalong hindi mabilang. Kaya kung nais makamit ng lahat ng bansang api ang pagpapalaya, ipagtanggol ang kanilang sariling pambansang kasarinlan at soberaniya ng estado, at mabisang bakahin ang pananalakay at subersiyon ng imperyalismo at mga alipuris nito ay dapat silang magkaroon ng anti-imperyalistang sandatahang lakas na hawak nila at maghanda sa anumang sandali sa paggamit ng rebolusyonaryong digmaan upang labanan ang digmaang pananalakay.

Ang digmaang pagtatanggol ng mga mamamayan ng Biyetnam, Laos at Kambodya laban sa pananalakay ng Estados Unidos at upang iligtas ang bayan ay nagbigay na ng maningning na halimbawa sa mga bansa at mamamayang api ng buong daigdig. Ang pakikitunggali ng mga mamamayan ng maraming iba pang bayan at purok sa Asya, Aprika at Amerika Latina laban sa pananalakay at subersiyon ay nagbigay din ng mahalagang karanasan. Sa kanyang solemnang pahayag, "Mga Mamamayan ng Buong Daigdig, Magkaisa at Gapiin ang mga Mananalakay na Amerikano at Lahat ng Alipuris Nila", ay tinukoy ng Tagapangulong Mao na: "Magagapi ng isang mahinang bayan ang isang makapangyarihang bayan; magagapi ng isang maliit na bayan ang isang malaking bayan. Kapag mangangahas na bumangon at makitunggali, mangangahas na humawak ng mga sandata at hahawakan ang kapalaran ng kanilang bayan ay tiyak na magagapi ng mga mamamayan ng maliit na bayan ang pananalakay ng malaking bayan. Ito ay isang batas ng kasaysayan."

Tulad ng sinabi ni Kasamang Lin Piao: "Ang digmaang bayan ay siyang pinakamabisang agimat sa paglaban sa imperyalismong Amerikano at mga alipuris nito. Ang proletaryado at mga mamamayan at bansang api ng buong daigdig ay hahawak ng mga sandata at matututong makidigma kung hindi pa nila nagawa ito sa nakaraan. Ang imperyalismong Amerikano at lahat ng alipuris nito ay matutupok sa wakas sa maalab na apoy ng digmaang bayan na sila na rin ang nagsindi."

3. <u>Ang Rebolusyon Ay Usapin ng Milyun-milyong Mamamayan.</u>

Isinaad sa atin ng karanasang pangkasaysayan ng Komuna ng Paris na kung nais makamit ang tagumpay ng proletaryong rebolusyon at ng diktadura ng proletaryado ay dapat umasa sa rebolusyonaryong kasiglahan ng milyun-milyong mamamayan at lubos na patingkarin ang dakilang lakas ng masa ng mga mamamayan sa paglikha ng kasaysayan. Sabi ni Lenin: "Kung walang rebolusyonaryong kilos ng milyun-milyong mamamayang may kamalayan, kung walang umaalimpuyong kagitingan ng masa at kung walang makayanig-daigdig na determinasyon at kakayahan na tulad ng sinabi ni Marx nang banggitin niya ang ipinakita ng mga manggagawa ng Paris sa panahon ng Komuna, ay imposibleng mapawi ang sistema ng awtokrasya."

Si Marx, ang dakilang guro ng proletaryado, ay nagbigay ng mataas na pagpapahalaga sa rebolusyonaryong inisyatiba ng masa ng mga mamamayan at gumawa ng isang maningning na halimbawa para sa atin tungkol sa tumpak na pakikitungo sa rebolusyonaryong kilusang pangmasa. Noong taglagas ng 1870, bago itayo ang Komuna ng Paris ay tinukoy ni Marx na hindi pa hinog ang mga kondisyon ng pagbabangon ng mga manggagawa ng Pransiya. Nguni't nang magbunsod ng pagbabangon ang proletaryado ng Paris sa pamamagitan ng abot-langit na rebolusyonaryong kagitingan noong Marso 1871, si Marx na nagturing sa sarili bilang isang kalahok ay agad at matatag na kumatig at tumulong sa proletaryong rebolusyong ito. Kahit na nakita ni Marx ang mga kamaliang ginawa ng Komuna at nakini-kinita ang pagkabigo nito, itinuring pa rin niya ang rebolusyong ito bilang pinakamaluwalhating nagawa ng uring manggagawa ng Pransiya sapagka't sa kilusang ito ay nakita niya ang karanasang pangkasaysayan na may napakahalagang katuturan, nakita ang tiyak na pag-unlad ng proletaryong rebolusyon ng buong daigdig at nakita ang tunay na hakbang na higit na mahalaga kaysa ilandaang uring plataporma at argumento.

Sa kanyang liham kay L. Kugelmann nang panahong iyon ay buong-siglang pumupuring sinabi ni Marx: "Ang mga Parisyanong ito ay may gayong pleksibilidad, gayong inisyatibang pangkasaysayan at gayong diwa ng pagpapakasakit sa sarili. Hindi pa nagkaroon sa kasaysayan ng ganitong halimbawa ng magiting na pakikibaka." Ipinalagay ni Lenin na ang liham na ito ni Marx ay nagpapakita ng napakalaking kaibhan sa pagitan ng mga proletaryong rebolusyonaryo at ng mga oportunista. Nanawagan siya sa bawa't manggagawa sa Rusya na marunong bumasa at sumulat na ituring na isang kawikaan ang liham na ito.

Salungat sa mga Marxista, ang lahat ng oportunista at rebisyonista, bago o luma man, ay pawang tumututol sa proletaryong rebolusyon at sa diktadura ng proletaryado. Kaya walang-salang lubhang katatakutan at kamumuhian nila ang masa ng mga mamamayan, tutuyain, mumurahin at

sasabotahehin ang rebolusyonaryong kilusang pangmasa. Nang mabigo ang sandatahang pagbabangon ng Rusya noong Disyembre 1905 ay tumayo si Plekhanov sa isang tabi at sinisi niya ang masa sa pagsasabing hindi na sana kailangang humawak ng mga sandata. Galit na pinuna ni Lenin ang aristokratang aktitud na ito ni Plekhanov sa rebolusyonaryong kilusang pangmasa, mariing binatikos niya bilang isang notoryong taksil sa Marxismo ng Rusya. Tinukoy ni Lenin na kung walang pangkalahatang pag-iinsayo noong 1905 ay imposibleng magtagumpay ang rebolusyon ng Oktubre noong 1917.

Nang mariing batikusin ang mga balighong matuwid ng deretsistang anti-Partidong pangkat ni Peng Teh-huai sa paninirang puri at pagtutol sa rebolusyonaryong kilusang pangmasa ay mahayap na tinukoy ng aming dakilang guro Tagapangulong Mao noong 1959 sa mga taksil na ito na tumututol sa Marxismo na, "Mangyari lamang na tingnan ninyo kung paanong nagkomentaryo sina Marx at Lenin tungkol sa Komuna ng Paris at paanong nagkomentaryo na naman si Lenin tungkol sa rebolusyon ng Rusya. Nakita ba ninyo kung paanong pinuna ni Lenin ang taksil na si Plekhanov at pinuna ang mga kaginoohang burges at mga alipuris nila: ang mga baboy at aso ng naghihingalong burgesiya at ng mga demokratang petiburges na bumubuntot sa kanila? Kung hindi ninyo nakita mangyari lamang na tingnan ninyo, puwede ba?" Ang Tagapangulong Mao ay nagbigay ng malalim na edukasyon sa ating buong Partido sa pamamagitan ng karanasang pangkasaysayang ito at hiniling sa ating mga kasapi ng Partido at mga kadre na ituring sina Marx at Lenin bilang kanilang mga halimbawa at tumpak na pakitunguhan ang rebolusyonaryong kilusang pangmasa.

Ang pangunahing tunguhin sa daigdig ngayon ay ang rebolusyon. Ang galit na sigaw ng mga mamamayan ng iba't ibang bayan na ibagsak ang mga mananalakay na Amerikano at lahat ng alipuris nila ay yumanig sa buong daigdig. Ang mga estratehikong likuran ng imperyalismo ay naging unang prente ng pakikitunggaling anti-imperyalista. Ang matagumpay na pag-unlad ng digmaang pagtatanggol ng mga mamamayan ng tatlong bayan ng Indo-Tsina laban sa pananalakay ng Estados Unidos at upang iligtas ang bayan ay tumulak sa bagong kasukdulan ng pakikitunggali laban sa Estados Unidos sa saklaw ng daigdig.

Ang pakikitunggali laban sa despotismo ng dalawang bayang sukdulan nang lakas ay lalong lumalakas. Mabilis at malakas na umuunlad na tulad ng lumalagablab na apoy ang kilusan para sa pambansang pagpapalaya sa Asya at Aprika. Ang pakikitunggali ng mga mamamayan ng Korea, Hapon at ng iba pang bayan sa Asya laban sa pagpapabuhay ng mga reaksiyonaryong Amerikano at Hapones sa militarismo ng Hapon ay sumisidhi araw-araw. Ang mga mamamayang Palestino at iba pang mamamayang Arabe ay patuloy na sumusulong sa kanilang pakikibaka laban sa mga mananalakay na Amerikano at Israeli. Sa Hilagang Amerika, Europa at Oceania ay sumiklab ang rebolusyonaryong kilusang pangmasa sa saklaw na walang katulad sa nakaraan. Ang mga manggagawa, estudyante, mamamayang Itim at iba pang pambansang minorya ng Estados Unidos ay namumulat araw-araw at nagbunsod sila ng rebolusyonaryong sigwa sa paglaban sa reaksiyonaryong paghahari at patakarang pananalakay ng pamahalaan ni Nixon. Sa Amerika Latina, bakuran ng imperyalismong Amerikano, ang nagngangalit na apoy ng paglaban sa Estados Unidos na kimkim ng mga mamamayan sa mahabang panahon ay sumiklab na at gumitaw ang isang bagong kalagayan ng magkasanib na pakikitunggali upang ipagtanggol ang mga pambansang kapakanan at soberaniya ng estado. Ang mga rebolusyonaryong pakikitunggali ng mga mamamayan ng ilang bayan sa Silangang Europa laban sa sosyal-imperyalismo ay masiglang umuunlad. Sa mga purok na laging medyo tahimik ay dumagundong na rin ang kulog sa tagsibol ng rebolusyon.

Ang lahat ng pakikitunggaling ito ay nagtutugunan at nagpapasigla sa isa't isa at bumuo ng isang dambuhalang agos ng makapangyarihang rebolusyonaryong kilusan ng mga mamamayan ng daigdig. Sa harap ng kasalukuyang dakilang rebolusyonaryong kilusang ito, ang lahat ng rebolusyonaryong partido at rebolusyonaryo ay dapat mamili: "Lumakad sa unahan nila at pamunuan sila, magpahuli sa kanila habang nagkukukumpas at puna nang puna o humarang sa kanilang landas at labanan sila". Ang mga tunay na Marxista-Leninistang partido at ang lahat ng rebolusyonaryo ay

dapat masiglang kumatig sa rebolusyonaryong kilos ng masa ng mga mamamayan, matatag na lumakad sa unahan ng kilusang pangmasa at pamunuan ang masa sa pagsulong. Ang mga partido ng proletaryado at lahat ng rebolusyonaryo ay dapat "sumalunga sa sigwa at humarap sa daigdig,, sa makapangyarihang sigwa ng tunggaliang pangmasa at dakilang daigdig ng tunggaliang pangmasa." Sila ay dapat na sumama sa masa sa hirap at ginhawa, makibahagi sa parehong kapalaran, mapagpakumbabang matuto sa masa, malugod na maging estudyante ng masa, maging mahusay sa pagtuklas sa rebolusyonaryong inisyatibo ng masa at humango ng katalinuhan at lakas buhat sa masa.

Ang proletaryong partido ay mapapanday at lalaki lamang kung tutungo sa gitna ng makapangyarihang sigwa ng kilusang pangmasa. Sa pamamagitan lamang ng praktika ng tunggalian ng mga uri ng malawak na masa saka maibabalangkas, mapauunlad at masusubok at maisasagawa ang isang tumpak na plataporma at linya. Ang pangunahing agos ng rebolusyonaryong kilusang pangmasa ay laging mabuti at laging naaangkop sa pag-unlad ng lipunan. Sa gitna ng kilusang pangmasa ay magkakaroon ng impluwensiya ng iba't ibang uring tunguhing ideolohikal, gigitaw ang iba't ibang paksiyon at lalahukan ng iba't ibang uring tao. Ito ay natural lamang. Walang anumang bagay sa daigdig ang ganap na dalisay. Sa pamamagitan ng praktika ng pakikitunggali at ng paulit-ulit na paghahambing ay makikilala sa wakas ng malawak na masa kung ano ang tumpak at kung ano ang mali. Itatakwil nila sa wakas ang rebisyonismo at ang lahat ng maling bagay at tatanggapin at uunawain nang lubos ang rebolusyonaryong katotohanan ng Marxismo-Leninismo.

Ang proletaryong partido ay dapat tumungo sa hanay ng masa at gumawa ng matagal, mahirap at matiyagang gawain upang walang-humpay na pataasin ang kamalayang pampulitika ng masa at patnubayan ang kilusang pangmasa sa pagsulong sa tumpak na landas. Ang suliraning may pangunang kahalagahan sa rebolusyon ay kilanlin ang mga kaibigan sa mga kaaway; makipagkaisa sa mga tunay na kaibigan at labanan ang mga tunay na kaaway.

Hinihiling ng pag-unlad ng rebolusyonaryong kilusang pangmasa na walang-tigil na palakasin ang panloob na pagkakaisa ng mga rebolusyonaryong lakas at durugin ang mga pakana ng pagwatak-watak at pagsabotahe ng mga imperyalista, rebisyonista at reaksiyonaryo. Ang mga mamamayan, ang mga manggagawa, magsasaka, estudyante at lahat ng taong ayaw paapi sa imperyalismo na bumubuo ng mahigit sa 90 porsiyento ng populasyon ay laging nais magrebolusyon. Upang magapi ang imperyalismong Amerikano at lahat ng alipuris nito ay dapat bumuo ng isang malawak na nagkakaisang prente, pag-isahin ang lahat ng lakas na maaaring pag-isahin na hindi kabilang ang mga kaaway at magbunsod ng mahirap na pakikitunggali.

Tinukoy ni Kasamang Mao Tsetung: Ang isang saligang prinsipyo ng Partido Komunista ay tuwirang umasa sa malawak na masa ng mga rebolusyonaryong mamamayan. Sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika ay dapat umasa sa masa at magbunsod ng kilusang pangmasa. Sa pagbubunsod ng rebolusyong sosyalista at konstruksiyong sosyalista pagkaraang itayo ang diktadura ng proletaryado ay dapat ding umasa sa masa, magbunsod ng kilusang pangmasa at igiit ang linyang pangmasa sa lahat ng gawain. Kung tayo ay aasa sa mga mamamayan, matatag na maniniwala sa di-mauubos na mapanlikhang lakas ng masa ng mga mamamayan at samakatuwid ay magtitiwala at makikisalamuha sa kanila, mapagtatagumpayan natin ang anumang kahirapan at walang kaaway ang makagagapi sa atin samantalang magagapi natin ang sinumang kaaway.

4. <u>Kailangang Magkaroon ng Isang Tunay na Marxista-Leninistang Partido.</u>

Sa paglalagom sa karanasan ng Komuna ng Paris ay maliwanag na tinukoy nina Marx at Engels na sa pakikitunggali laban sa magkasanib na kapangyarihan ng mga uring may propiyedad, ang uring manggagawa ay maaaring kumilos bilang isang uri kung oorganisahin lamang nito ang sarili bilang isang nagsasariling partidong salungat sa lahat ng lumang partidong itinayo ng mga uring may propiyedad. Ito ay isang kondisyon na kailangang-kailangan sa pagkakamit ng tagumpay ng proletaryong rebolusyon, sa pagtatayo at pagpapatatag sa diktadura ng proletaryado at sa pagtupad ng pangwakas na layuning pawiin ang mga uri.

Ang saligang sanhi ng pagkabigo ng Komuna ng Paris ay dahil sa pagtatakda ng mga kondisyong pangkasaysayan sa panahong iyon. Ang Marxismo ay hindi pa nagkamit ng naghaharing posisyon sa kilusan ng mga manggagawa at wala pang isang proletaryong rebolusyonaryong partido na ang pumapatnubay na kaisipan nito ay ang Marxismo. Samantalang ang Blanquismo at Proudhonismo na namamayani sa Komuna ng Paris ay imposibleng makapagpatnubay sa proletaryong rebolusyon tungo sa tagumpay.

Pinatunayan ng karanasang pangkasaysayan na bukod sa pagkakaroon ng napakainam na rebolusyonaryong kalagayan at rebolusyonaryong kasiglahan ng masa ng mga mamamayan ay dapat pang magkaroon ng matatag na ubod ng pamumuno ng proletaryado, alalaong baga'y magkaroon ng isang rebolusyonaryong partidong itinatag ayon sa rebolusyonaryong teorya at rebolusyonaryong estilo ng Marxismo-Leninismo. Ang ganitong partido lamang ang siyang makapamumuno sa proletaryado at malawak na masa ng mga mamamayan sa paggapi sa imperyalismo at mga alipuris nito at sa pagkakamit ng tagumpay ng rebolusyon.

Isang rebolusyonaryong kalagayan ang gumitaw sa maraming bayan sa panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig. Nguni't dahil sa ang nakararaming partido sa Ikalawang Internasyonal ay bumaba na sa uri sa pagiging mga partidong rebisyonista at sosyal-sobinista kaya ganap na labas na sa usapan ang pagpatnubay sa proletaryado sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika. Sa Rusya lamang, sa ilalim ng pamumuno ng partido Bolshebiko na itinatag ni Lenin, ay nagkamit ng tagumpay ang dakilang rebolusyong sosyalista ng Oktubre.

Sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at pagkatapos nito, ang rebolusyon ay nagtagumpay sa Tsina dahil sa pamumuno ng Partido Komunista ng Tsina na ang lider nito ay ang Tagapangulong Mao; at sa iba pang ilang bayan dahil din sa pagkakaroon ng pamumuno ng mga Marxista-Leninistang partido ay sunud-sunod na nagtagumpay ang mga rebolusyon na naggumiit ng pangmatagalang rebolusyonaryong pakikitunggali. Nguni't sa ilang bayan ay nabigo ang mga rebolusyon dahil sa nangingibabaw ang oportunista at rebisyonistang linya sa loob ng partido.

Sa kasalukuyan ay gumitaw ang walang-katulad na napakainam na kalagayan sa rebolusyong pandaigdig. Kailangang-kailangan ng obhetibong kalagayan na magkaroon ng matatag na pamumuno ng isang tunay na Marxista-Leninistang partido at kailangang magtatag ng isang proletaryong rebolusyonaryong partido na ganap na hiwalay sa rebisyonistang linya, matatag sa ideolohiya, pulitika at organisasyon at may malawak na katangiang pangmasa. Upang maisabalikat ng isang proletaryong partido ang tungkulin ng pamumuno sa rebolusyon, ang saligang suliranin ay dapat gawin ang Marxismo-Leninismo bilang pumapatnubay na kaisipan nito, isanib ang pandaigdigang katotohanan ng Marxismo-Leninismo sa partikular na pagsasagawa ng rebolusyon sa sarili nitong bayan at balangkasin at pairalin ang isang tumpak na linyang naaangkop sa kalagayan ng sariling bayan.

Sa ilalim ng isang tumpak na linya, ang isang mahinang lakas ay uunlad at lalaki; ang mga walang sandatahang lakas ay makapagtatatag ng sandatahang lakas at ang mga walang kapangyarihang pampulitika ay magkakamit ng kapangyarihang pampulitika. Sa ilalim ng isang maling linya, ang rebolusyon ay magdaranas ng mga balakid at mawawala rin ang mga bungang natamo na.

Sa pamumuno sa rebolusyon ng mga mamamayan ng Tsina sa pamamagitan ng pangmatagalang pakikitunggali ay paulit-ulit na tinukoy ni Kasamang Mao Tsetung: "Sa sandaling maisanib ang pandaigdigang katotohanan ng Marxismo-Leninismo sa partikular na pagsasagawa ng rebolusyon ng Tsina ay ganap na nagbabago ang anyo ng rebolusyon ng Tsina. Mahigpit na iugnay ang teorya ng Marxismo-Leninismo sa pagsasagawa ng rebolusyon ng Tsina; ito ay di-nagbabagong simulaing pang-ideolohiya ng ating Partido." Sa kanyang mahalagang inskripsiyon sa mga kaibigang manggagawang Hapones ay ipinaliwanag pa ni Kasamang Mao Tsetung ang saligang prinsipyong ito at tinukoy na "Ang rebolusyon ng Hapon ay walang-alinlangang magtatagumpay kung mataimtim na isasanib ang katotohanang pandaigdig ng Marxismo-Leninismo sa partikular na pagsasagawa ng rebolusyon ng Hapon".

Sa pag-alinsunod sa mga saligang prinsipyo ng Marxismo-Leninismo ay dapat gamitin ng proletaryong partido ang paninindigan, mga palagay at mga paraan ng Marxismo-Leninismo sa paggawa ng malalim na pagsisiyasat at pag-aaral sa relasyon ng mga uri sa lipunan, gumawa ng partikular na pagsusuri sa kasalukuyang kalagayan, kasaysayan at mga katangian ng rebolusyon ng sariling bayan at lutasin nang nagsasarili ang mga suliranin ukol sa teorya at praktika ng rebolusyon ng sariling bayan. Dapat matuto sa karanasang pandaigdig nguni't hindi maaaring kopyahin sa paraang mekanikal kundi dapat lumikha ng sariling karanasan sa pakikipagsanib sa praktika ng sariling bayan. Sa ganitong paraan lamang maaaring patnubayan ang rebolusyon tungo sa tagumpay at gumawa ng sariling ambag para sa usapin ng proletaryong rebolusyong pandaigdig.

Kung nais igiit ng proletaryong partido ang pagsasanib ng teorya at praktika ay dapat mahigpit na makipag-ugnayan sa masa, tumungo sa hanay ng masa at isagawa ang paraan ng pamumuno na "mula sa masa tungo sa masa" upang ang tumpak na linya at mga prinsipyo ng Partido ay mapupulot ng masa. Kasabay nito ay kailangang maging mahusay sa paglalagom ng karanasan at mga aral; gumawa ng pamumuna at pagpuna sa sarili; igiit ang tumpak at iwasto ang mali alang-alang sa kapakanan ng mga mamamayan; at humango ng mga batas ng pag-unlad buhat sa pagsasagawa ng pakikitunggali at pagkatapos ay patnubayan ang pagsasagawa ng pakikitunggali.

Tinukoy ni Kasamang Mao Tsetung na "Ang pagsasalungatan at tunggalian ng mga di-parehong kaisipan ay laging nagaganap sa loob ng Partido. Ito ay isang repleksiyon sa loob ng Partido ng mga kontradiksiyon sa pagitan ng mga uri at sa pagitan ng bago at luma sa lipunan." Kung nais igarantiya ng proletaryong partido ang katumpakan ng linyang pampulitika at katatagan sa organisasyon nito ay dapat maglunsad ito ng di-mapagkakasundong pakikitunggali laban sa lahat ng oportunismo at rebisyonismo, at laban sa ideolohiya ng burgesiya at ng lahat ng uring nagsasamantala.

Ang tunggalian sa pagitan ng Marxismo-Leninismo at rebisyonismo at ang tunggalian sa pagitan ng dalawang linya sa pandaigdigang kilusang komunista ay pangmatagalan. Sa nakalipas na mahigit na sampung taon, ang Partido Komunista ng Tsina, ang Partido ng Paggawa ng Albanya at ang mga tunay na Marxista-Leninista ng buong daigdig ay sama-samang nagbunsod ng matatag na pakikitunggaling pang-ideolohiya, panteorya at pampulitika laban sa makabagong rebisyonismo na ang sentro nito ay ang rebisyonismong Sobyet at nagkamit ng dakilang tagumpay. Nguni't hindi pa tapos ang tunggalian. Upang walang-tigil na pasulungin ang proletaryong rebolusyong pandaigdig, ang isang mahalagang tungkulin ng mga Marxista-Leninistang partido at mga rebolusyonaryong mamamayan ng iba't ibang bayan ay patuloy na punahin ang makabagong rebisyonismo na ang sentro nito ay ang rebisyonismong Sobyet at ibunsod ang pakikitunggaling ito hanggang wakas.

Ang ideolohiya ng burgesiya at ng lahat ng uring nagsasamantala ay nasa naghaharing katayuan sa lipunan sa mahabang panahon. Kahit na sa mga maunlad na bayang kapitalista o sa mga bayang di-maunlad sa kabuhayan, kahit na nasa legal o ilegal na katayuan ang partido komunista, at kahit na bago maagaw ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika o pagkatapos na itayo ang diktadura ng proletaryado ay laging ubos-lakas na tinatangka ng burgesiya na hibuin, pasamain at tunawin ang partido komunista sa ideolohiya sa pamamagitan ng iba't ibang porma at paraan. Kung hindi magbubunsod ng matatag na pakikitunggali laban sa pagsalakay ng ideolohiyang burges ay hindi mapananatili ng proletaryong partido ang kasarinlan nito sa ideolohiya, pulitika at organisasyon; at magiging buntot ng burgesiya at partido nito. Kung gagamitin ang Marxismo-Leninismo bilang sandata sa pamumuna at igigiit ang tunggalian ng mga uri sa larangan ng ideolohiya upang gapiin ang reaksiyonaryong pananaw sa daigdig ng burgesiya sa pamamagitan ng proletaryong pananaw sa daigdig, saka lamang mapatitingkad ang lakas sa pakikibaka ng proletaryong partido at makakamit ang tagumpay ng proletaryong rebolusyon at ng diktadura ng proletaryado.

5. **Ang mga Makabagong Rebisyonista Ay mga Taksil sa mga Rebolusyonaryong Simulain ng Komuna ng Paris.**

Sa sandaling maringal na ginugunita ng proletaryado at mga rebolusyonaryong mamamayan ng buong daigdig ang sentenaryo ng Komuna ng Paris ay ginayakan ng taksil na pangkat ng mga rebisyonistang Sobyet ang kanilang sarili at umakyat sa entablado at ipinangalandakan na sila raw ay matapat sa mga simulain ng Komuna ng Paris. Ginayakan nila ang kanilang sarili bilang mga tagapagpatuloy ng Komuna ng Paris. Ito ay talagang sukdulan na ng kawalang-hiyaan. Anong karapatan mayroon ang mga taksil na rebisyonistang Sobyet upang magsalita tungkol sa Komuna ng Paris?

Kayo ngang mga taksil na ito ang siyang umagaw sa liderato ng partido at estado ng Unyong Sobyet! Dahil dito ay nagbago ang kulay ng estadong Sobyet na itinatag ni Lenin at ipinagtanggol ni Stalin. Ang diktadura ng proletaryado ay ginawa ninyong diktadura ng burgesiya at pinairal ninyo ang sosyal-imperyalismo at sosyal-pasismo! Ito ay isang pinakamalaking pagtataksil sa mga rebolusyonaryong simulain ng Komuna ng Paris!

Silang lahat mula kay Khrushchov hanggang kay Brezhnev ay nagtangkang gumamit ng karatulang "estado ng buong sambayanan" upang takpan ang kanilang diktadura ng burgesiya. Sa nakaraan ay sinabi ni Khrushchov na ang Unyong Sobyet ay naging isang "estado na ng buong sambayanan". Sa kasalukuyan ay sinabi na naman ni Brezhnev at ng mga katulad niya na ang kanilang bayan ay isang "sosyalistang sobyet na estado ng buong sambayanan" at ang kanilang pinaiiral ay "demokrasyang sobyet". Ito ay pawang mga kasinungalingan!

Ang sobyet ay isang dakilang likha ng proletaryado ng Rusya, isang pagpapakita na ang mga anak-pawis ay naging panginoon ng kanilang sariling tahanan, at isang kapuri-puring taguri. Nguni't gaya ng taguring partido komunista, ang taguring sobyet ay maaaring gamitin ng mga Bolsebik at maaari ring gamitin ng mga Mensebik; ito ay maaaring gamitin ng mga Marxista-Leninista at maaari ring gamitin ng mga rebisyonista. Ang mapagpasiya ay hindi sa taguri kundi sa esensiya; hindi sa porma kundi sa nilalaman.

Sa Unyong Sobyet ngayon ay hindi nagbago ang taguring Sobyet at hindi rin nagbago ang taguri ng estado nguni't ganap na nagbago na ang makauring nilalaman nito. Ang estadong Sobyet na ang liderato nito ay inagaw na ng taksil na pangkat ng mga rebisyonistang Sobyet ay hindi na isang kasangkapan ng proletaryado sa panunugpo sa burgesiya kundi naging isa nang kasangkapan ng nanumbalik nang burgesiya sa panunugpo sa proletaryado. Ang Unyong Sobyet ay ginawa na ng mga taksil na rebisyonistang Sobyet bilang paraiso ng sandakot na bagong-tipong burukratang monopolyong kapitalista at bilangguan ng milyun-milyong anak-pawis.

Ito ang buong nilalaman ng kanilang umano'y "sosyalistang sobyet na estado ng buong sambayanan" at "demokrasyang sobyet". Ito ay talagang hindi umano'y ang estado ng buong sambayanan ay siyang tuwirang karugtong ng estado ng diktadura ng proletaryado kundi ang linya ni Brezhnev ay siyang tuwirang karugtong ng linya ni Khrushchov. Ito ang esensiya kung bakit ayaw bitiwan ngayon ni Brezhnev at ng mga katulad niya ang islogang "estado ng buong sambayanan".

Ang hibang na paglaban sa marahas na rebolusyon ng proletaryado ay isa pang pinagpisang pagpapakita ng pagtataksil ng taksil na pangkat ng mga rebisyonistang Sobyet sa mga rebolusyonaryong simulain ng Komuna ng Paris. Ipinaghihiyawan ni Brezhnev at ng mga katulad niya na sa bawa't yugto ng pakikitunggali ay dapat paliitin ng mga lider ng proletaryado ang karahasan hanggang sa pinakamababang antas at gumamit ng mga lalong mahinahong porma ng paninilit at ipinagsasabi nilang ang sandatahang pakikitunggali at ang digmaang sibil ay magiging dahilan ng malakihang sakripisyo at pagdurusa ng masa ng mga mamamayan at magiging dahilan ng pagkasira ng mga produktibong lakas at pagkalipol ng mga mahuhusay na rebolusyonaryong kadre.

Upang gawa ng mga dahilan para sa kanilang balighong matuwid tungkol sa mapayapang pagdaraan ay binaluktot pa ng mga taksil na ito ang kasaysayan nang ayon sa kanilang kagustuhan at ipinamaraling ang Komuna ng Paris sa simula ay isang rebolusyong halos walang anumang pagdanak ng dugo. Sa simula hanggang wakas, ang rebolusyon ng Komuna ng Paris ay isang buhay-at-kamatayang labanan sa pagitan ng proletaryado at burgesiya at isang tunggalian ng karahasan sa pagitan ng rebolusyon at kontra-rebolusyon.

Sa wala pang anim na buwan bago simulan ang pagbabangon ng Komuna ng Paris, ang mga mamamayan ng Paris ay nagbunsod ng dalawang sandatahang pagbabangon at kapuwa madugong sinugpo ng mga reaksiyonaryo; at sa mga labanan pagkatapos ng pagbabangon ng Komuna ng Paris ay mayroon na namang ilampung libong manggagawa at anak-pawis ang nagbuwis ng kanilang buhay. Paanong maipalalagay ang rebolusyong ito bilang isang rebolusyong halos walang anumang pagdanak ng dugo sa simula? Tinukoy ni Marx: "Ang Paris ng mga manggagawa at ang komuna nito ay palagiang ipagbubunying maningning na tagapagpauna ng isang bagong lipunan. Ang mga martir nito ay nakaukit sa dakilang puso ng uring manggagawa. Ang mga berdugong pumaslang dito ay ipinako na ng kasaysayan sa haliging walang-hanggang kahihiyan; at anumang pagdarasal ng mga pari nila ay hindi rin makapagliligtas sa kanila." Sa kasalukuyan ay hayagang lumantad ang taksil na pangkat ng mga rebisyonistang Sobyet at gumaganap ng papel bilang mga paring nagdarasal para sa mga berdugo. Ito'y isang napakalaking insulto sa mga martir ng Komuna ng Paris.

Ang mga taksil na rebisyonistang Sobyet ay gumagawa ng lahat ng paraan upang ipagmatuwid ang kontra-rebolusyonaryong karahasan at tiim-bagang [illegible] nito ang rebolusyonaryong karahasan. Sa ilalim ng marahas na pamamahala ng imperyalismo at ng mga reaksiyonaryo, ang mga anak-pawis ay nagdaranas ng walang-katapusang paghihirap at namamatay sa malaking bilang sa bawa't araw, bawa't oras at bawa't sandali. Ang mga mamamayang api ay nagbubunsod ng marahas na rebolusyon upang tapusin nga ang sistemang kumakain ng tao at nang sa gayo'y makahulagpos ang mga mamamayan sa mga pang-aalipin at pagsasamantala.

Ngunit't ang mga taksil na rebisyonistang Sobyet ay naglapat ng gayong kamang kahulugan sa mga rebolusyonaryong sandatahang lakas at sa mga rebolusyonaryong digmaan na tulad ng umano'y pagdurusa ng mga mamamayan, paghihigpol ng mga kadre, pagkasira ng produktibong lakas at kung anu't ano pa. Alinsunod sa lohikang ito ng mga taksil na rebisyonistang Sobyet, ito'y hindi ba nangangahulugan ng pagsasabing ang pang-aapi at pamamaslang ng imperyalismo at mga reaksiyonaryo sa mga mamamayan ay naging ganap na makatwiran samantalang ang paghawak ng mga rebolusyonaryong mamamayan ng mga sandata at pagbangon upang lumaban ay naging isang napakalaking kasalanan?

Nais ng mga taksil na rebisyonistang Sobyet na ang rebolusyonaryong karahasan ay paliitin ng mga mamamayan ng iba't ibang bayan hanggang sa pinakamababang antas samantalang patuloy na pinalalawak nila mismo ang kontra-rebolusyonaryong karahasan hanggang sa pinakamataas na antas. Si Breshnev at ang mga katulad niya na hindi inaalintana ang buhay at kamatayan ng mga mamamayan ng Unyong Sobyet ay puspusang nagpapairal ng militarismo at paligsahan ng mga kagamitang pangmilitar, gumugugol ng gayong kalaking rublo sa pagyari ng gayong karaming eruplano, kanyon, bapor na pandigma, guided missile at sandatang nukleyar. Ginagamit nga nila ang dambuhalang makinang ito ng karahasan sa pang-aapi sa malawak na masa ng mga mamamayan sa loob ng bayan at sa pangangalaga sa kolonyal na paghahari ng mga bagong tsar sa labas ng bayan at ubos-lakas na tinatangka nilang ilagay ang ilang bayan sa ilalim ng kanilang kontrol. Ginagamit nga nila ang makinang ito ng karahasan bilang puhunan sa pakikipagtawaran sa imperyalismong Amerikano, sa pagpapairal ng poder-pulitika at sa paghahati sa mga saklaw ng impluwensiya.

Nais ng mga taksil na rebisyonistang Sobyet na ang mga rebolusyonaryong mamamayan ay gumamit ng umano'y mga mahinahong porma ng pamimilit laban sa kontra-rebolusyon samantalang sila mismo ay gumagamit ng mga pinakamalupit at pinakamabangis na paraan sa pagharap sa mga rebolusyonaryong mamamayan. Ibig nilang magtanong: Nagpakilos kayo ng maraming

nasasandatahang sundalo at pulis upang sugpuin ang mga mamamayan ng iba't ibang nasyonalidad sa inyong bayan; ito ba'y maituturing na mahinahong porma? Nagtalaga kayo ng maraming sundalo sa ilang bayan sa Silangang Europa at sa Republika ng mga Mamamayan ng Monggolya upang mahigpit na kontrolin ang mga bayang ito at nagpadala pa kayo ng mga tangke sa pagpasok sa Praga upang magpairal ng pananakot na pangmilitar sa Tsekoslobakya; ito ba'y maituturing na mahinahong porma? Gumagawa kayo ng mga pagpapalawak na pangmilitar saan mang dako at gumagawa ng iba't ibang mapanganib na subersibong aktibidad sa ibang bayan; ito ba'y maituturing ding isang mahinahong porma? Lubos na ipinakikita ng mga kagagawan ng mga taksil na rebisyonistang Sobyet na hindi lamang laban sila sa marahas na rebolusyon kundi gumagamit sila ng karahasan sa paglaban sa rebolusyon. Sila ay nag-anyong mahabagin nguni't sa katunayan sila'y mga pinakamabangis na kaaway ng mga manggagawa at mga lobong nakabalatkayong tupa.

Sa Hapon ay may isang rebisyonistang pangkat ni Miyamoto na ubos-lakas na tumututol din sa marahas na rebolusyon, tumututol sa diktadura ng proletaryado at ipinamamarali nito na dapat siyento-porsiyentong tumahak sa parlamentaryong landas. Sa pagpiga sa kanilang utak ay ipinagsasabi nila na ang kahulugan ng katagang "karahasan" sa diksyonaryo ay pandarahas at walang kinikilalang batas at ang mga mamamayan ay hindi dapat magbunsod ng ganitong rebolusyon. Sinabi pa nila na may mga taong nasindak sa pariralang ito: "ang diktadura ng proletaryado" at ang pagkakasalin sa pariralang ito ay lubhang di-angkop at kailangang gumawa ng isang tunay na tumpak na pagsasalin sa hinaharap.

Upang maipagtanggol ang karahasan ng imperyalismong Amerikano at ng militarismong Hapones at tutulan ang pagbangon ng mga mamamayan ng Hapon sa pagrerebolusyon ay humingi ng tulong ang pangkat ni Miyamoto sa mga diksyonaryo, umasa sa semantika at gumawa ng pagbalusa ng mga kataga. Ito'y nagpapakita kung hanggang saan na sumapit ang pagbaba sa uri ng ideolohiya ng makabagong rebisyonismo.

Tinukoy ni Kasamang Mao Tsetung: "Sa malao't madali ay hahalinhan ng sistema ng sosyalismo ang sistema ng kapitalismo. Ito ay isang obhetibong batas na malaya sa kalooban ng tao." Si Khrushchov, numero unong kinatawan ng makabagong rebisyonismo, ay matagal nang itinapon sa basurahan ng kasaysayan. Sina Novotny at Gomulka na bumubuntot sa rebisyonistang linya ni Khrushchov ay sunud-sunod na ibinagsak din sa kapangyarihan. Maaaring matiyak na hindi kailanman magkakaroon ng mabuting wakas ang sinumang lumalabag sa mga batas ng kasaysayan, nagtataksil sa mga rebolusyonaryong simulain ng Komuna ng Paris at magtataksil sa proletaryong rebolusyon at sa diktadura ng proletaryado.

## 6. Igiit ang Pagpapatuloy ng Rebolusyon sa Ilalim ng Diktadura ng Proletaryado at Sikaping Magkamit ng Lalo Pang Malalaking Tagumpay.

Pinatutunayan ng karanasang pangkasaysayan sapul noong Komuna ng Paris, lalung-lalo na ng karanasang pangkasaysayan sapul noong Rebolusyon ng Oktubre na ang pagkakamit ng proletaryado ng kapangyarihang pampulitika ay hindi wakas ng rebolusyong sosyalista kundi simula ng rebolusyong sosyalista. Kung ibig patatagin ang diktadura ng proletaryado at pigilin ang pagpapanumbalik ng kapitalismo ay dapat ibunsod hanggang wakas ang rebolusyong sosyalista.

Ang pandaigdig na proletaryong rebolusyonaryong kilusan ay tumahak sa paliku-likong landas. Nang gumitaw sa lupang tinubuan ng Rebolusyon ng Oktubre ang pagpapanumbalik ng kapitalismo ay tila pansamantalang naging isang suliranin kung mabisa pa o hindi ang mga rebolusyonaryong simulain ng Komuna ng Paris; kung mabisa pa o hindi ang Rebolusyon ng Oktubre; at kung mabisa pa o hindi ang diktadura ng proletaryado. Ang imperyalismo at mga reaksiyonaryo ay nakalimot sa sarili sa malaking katuwaan. Iniisip nila na yayamang maaaring mapayapang magbago ang Unyong Sobyet, hindi ba maaaring ibagsak ang diktadura ng proletaryado ng Tsina sa parehong paraan?

Nguni't winasak ng mga putok ng kanyon ng Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura na personal na ibinunsod at pinamumunuan ng Tagapangulong Mao ang kuwartel ng burgesiya na pinangunahan ng taksil, nakatagong

traydor at iskirol na si Liu Shao-chi at dinurog ang pinakaminimithing pangarap ng imperyalismo at makabagong rebisyonismo na panumbalikin ang kapitalismo sa Tsina.

Nilagom ng Tagapangulong Mao sa lahat ng larangan ang mga positibo at negatibong panig ng karanasang pangkasaysayan ng diktadura ng proletaryado. Kanyang minana, ipinagtanggol at pinaunlad ang teorya ng Marxismo-Leninismo tungkol sa proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado. Iniharap ang dakilang teorya ng pagpapatuloy ng rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado at nilutas sa teorya at praktika ang pinakamahalagang suliranin ng ating panahon, ang suliranin ng pagpapatatag sa diktadura ng proletaryado at pagpigil sa pagpapanumbalik ng kapitalismo. Sa gayon ay gumawa siya ng dakilang bagong ambag sa Marxismo-Leninismo at nagbukas ng matagumpay na landas para sa atin sa pagbubunsod ng proletaryong rebolusyon hanggang wakas.

Sa panahon ng Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura ng Tsina, ang Kaisipang Mao Tsetung at ang proletaryong rebolusyonaryong linya ng Tagapangulong Mao ay lalong malalimang isinasanib sa rebolusyonaryong pagsasagawa ng ilandaang milyong mamamayan upang maging pinakadakilang lakas sa pagpapatatag sa diktadura ng proletaryado.

Ang lipunang sosyalista ay isang may-kahabaang yugto sa kasaysayan. Sa yugtong pangkasaysayang ito ay laging umiiral ang mga uri, ang mga kontradiksiyon ng mga uri at tunggalian ng mga uri samantalang ang sentro ng tunggalian ay ang suliranin pa rin ng kapangyarihang pampulitika. Ang uring nagapi na ay nagpupumiglas pa, nananatili pa ang mga taong ito at nananatili pa ang mga uring ito. Upang panumbalikin ang kapitalismo ay lagi silang naghahanap ng kanilang mga ahente sa loob ng Partido Komunista. Samakatuwid, hindi lamang dapat mag-ingat ang proletaryado sa mga kaaway na tulad nina Thiers at Bismarck na gumamit ng lakas ng sandata sa pagpapabagsak sa rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika kundi higit na dapat pag-ingatan ang mga ambisyoso at konspirador na tulad nina Khrushchov at Brezhnev na umagaw ng liderato ng Partido at estado mula sa loob.

Upang mapatatag ang diktadura ng proletaryado at mapigil ang pagpapanumbalik ng kapitalismo, maliban sa pagbubunsod ng rebolusyong sosyalista sa larangan ng kabuhayan, ang proletaryado ay dapat pang magbunsod ng rebolusyong sosyalista sa larangan ng pulitika at sa larangan ng ideolohiya at kultura, at magpairal ng ganap na diktadura sa burgesiya sa superestruktura na kinabibilangan ng iba't ibang larangan ng kultura. Kinakailangang hayaang mahawakan ng mga kasapi ng Partido, ng mga kadre at ng malawak na masa ang pinakamatalas na sandata, ang Marxismo-Leninismo, upang makilala nila kung ano ang tumpak na linya at ano ang maling linya; kung ano ang tunay na Marxismo at kung ano ang huwad na Marxismo; kung ano ang materyalismo at ano ang idealismo nang sa gayo'y matiyak na ang ating Partido at estado ay laging sumusulong sa proletaryong rebolusyonaryong linya ng Tagapangulong Mao.

Tinukoy ng Tagapangulong Mao: "Ang pangwakas na tagumpay ng isang bayang sosyalista ay hindi lamang nangangailangan ng pagsisikap ng proletaryado at malawak na masa ng mga mamamayan ng sariling bayan kundi kinabibilangan pa ng tagumpay ng rebolusyong pandaigdig at ng pagkalipol ng sistema ng pagsasamantala ng tao sa kapuwa sa buong mundo. Pagsapit dito'y mapalalaya na ang buong sangkatauhan." Ang rebolusyonaryong kilusan ng proletaryado ay laging may katangiang pandaigdig. Samakatuwid, kung ibig makamit ang tagumpay ng proletaryong rebolusyon at ng diktadura ng proletaryado ay dapat pairalin ang mga dakilang islogang "Mga proletaryo ng buong daigdig, magkaisa!" at "Mga proletaryo at mga bansang api ng buong daigdig, magkaisa!". Dapat katigan ng proletaryado ng mga bayang kapitalista ang pakikitunggali para sa pagpapalaya ng mga mamamayan ng kolonya at mala-kolonya; dapat katigan ng mga mamamayan ng kolonya at mala-kolonya ang pakikitunggali para sa pagpapalaya ng proletaryado ng mga bayang kapitalista; at dapat tulungan ng mga mamamayang nagtagumpay na sa kanilang rebolusyon ang mga mamamayang nakikitunggali pa para sa pagpapalaya. Ito ang simulain ng proletaryong internasyonalismo.

Ang rebolusyon ng Tsina ay bahagi ng rebolusyong pandaigdig. Ang rebolusyonaryong usapin ng mga mamamayan ng Tsina ay mahigpit na nakaugnay sa rebolusyonaryong usapin ng mga mamamayan ng iba pang bayan sa daigdig. Ang mga rebolusyonaryong pakikitunggali ng mga mamamayan ng iba pang bayan ay laging itinuturing namin bilang aming sariling pakikitunggali at itinuturing na isang tulong sa mga mamamayan ng Tsina. Dapat naming tularan ang mga rebolusyonaryong mamamayan ng iba pang bayan, matatag na katigan ang kanilang mga pakikitunggali at isakatuparan ang aming nararapat na tungkulin. Dapat naming patingkarin ang diwa ng proletaryong internasyonalismo, lalo pang palakasin ang aming militanteng pakikipagkaisa sa mga tunay na Marxista-Leninistang partido at organisasyon ng buong daigdig; at palakasin ang aming militanteng pakikipagkaisa sa proletaryado, sa mga mamamayang api at sa mga bansang api ng buong daigdig upang magkamit ng lalo pang malalaking tagumpay.

Tinukoy na ni Marx noong may isandaang taon na ang nakalilipas na anuman ang kasasapitan ng kapalaran ng Komuna sa Paris, ito ay tiyak na kakalat sa buong daigdig. Ang dakilang hulang ito ni Marx ay lalong nagiging isang maningning na katotohanan. Sa pagsariwa sa nakaraan at pagtanaw sa hinaharap ay ipinatatalastas namin nang may ibayong matatag na pananalig na hindi maiiwasan ang pangwakas na pagkalipol ng imperyalismo, makabagong rebisyonismo at mga reaksiyonaryo ng lahat ng bayan at gayundin ang ganap na pagpapalaya ng proletaryado, ng mga mamamayang api at mga bansang api.

Umaalingawngaw na ngayon sa buong daigdig ang awiting "Internasyonal" na sinulat ni Eugene Pottier, ang makata ng Komuna ng Paris: "Durugin ang lumang daigdig!/ Ibig naming maging panginoon ng sandaigdigan./ Magkaisa!/ Tiyak na isasakatuparan bukas ang Internasyonal!/" Hayaang manginig ang imperyalismo, sosyal-imperyalismo at ang lahat ng reaksiyonaryo sa harap ng makapangyarihang sigwa ng rebolusyon ng mga mamamayan ng daigdig. Sa rebolusyong ito, tanikala lamang ang mawawala sa mga proletaryo, ang makakamit naman nila ay ang buong daigdig!

--Mula sa Pagsasahimpapawid ng Radyo Peking

* * *